Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 HULYO 2007, IKA - 09:20 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Jocelyn G. Solabo	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Bernabe S. Mortel	
Konsehal Edren Y. Faderon	
Konsehal Napoleon M. Dimapilis	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 038
Taong 2007

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAGBATI SA IGLESIA NI CRISTO SA KANILANG PAGDIRIWANG NG IKA-SIYAMNAPU'T TATLONG (93) TAONG PAGKAKATATAG SA HULYO 27, 2007.

SAPAGKAT, ang pagsapit ng araw ng pagkakatatag ng isang samahan, pansibiko man o pang-relihiyon ay isang okasyong dapat ipagsaya at ipagdiwang ng taong sangkot o mga kaanib nito;

SAPAGKAT, higit na maningning at masaya ang ganitong pagdiriwang kung ito'y nakaabot na ng maraming dekada tulad ng sa Iglesia ni Cristo na ngayong nasa ika-siyamnapu't tatlong taon na ng pagkakatatag;

SAPAGKAT, sa kagalakan ng mga miyembro ng kapatirang Iglesia ni Cristo, ang Sangguniang Bayan at mga namumuno ng bayang ito ay lubos na nakikiisa sa gaganaping pag-alaala sa natatanging araw na ito at umaasang higit pang pagpapala ang kanilang kamtin sa Lumikha.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Iglesia ni Cristo ang taospusong pagbati sa pagsapit ng kanilang ika-siyamnapu't tatlong taon ng pagkakatatag sa Hulyo 27, 2007 at sana ay magpatuloy pa at lumawig ang kanilang pagtulong at pakikiisa sa pamahalaan para sa kalinangan at ikabubuti ng mga mamamayan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Ministro Rodel M. Fatallo, Roxas, Silangang Mindoro at Ministro Eliseo D. Valle, Jr., Tagapangasiwa, Iglesia ni Cristo, Calapan City, Oriental Mindoro para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay: 11 Hulyo 2007

PINATITIBAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JACKSON CINDO DY
Punong Bayan

merz/071207